Mensahe Tatlo

# Iniibig ang Panginoon ng Unang Pag-ibig, Tinatamasa ang Panginoon bilang ang Puno ng Buhay, at Pagiging ang Gintong Patungan ng Ilawan bilang ang Patotoo ni Hesus para sa Pagtatayo ng Bagong Herusalem bilang ang Gol ng Walang Hanggang Ekonomiya ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 2:1-7; Efe. 6:24; 2 Tim. 1:15; 2 Cor. 11:2-3; Juan 14:21, 23; 21:15 -17

**I. Ang puno ng buhay sa Apocalipsis 2:7 ay sumasagisag sa napako (ipinahihiwatig sa puno bilang isang piraso ng kahoy—1 Ped. 2:24) at nabuhay na muling (ipinahihiwatig sa buhay ng Diyos—Juan 11:25) Kristo, na ngayon ay nasa loob ng ekklesia, na ang pagpapasukdol ay ang Bagong Herusalem, kung saan ang napako at nabuhay na muling Kristo ay magiging ang puno ng buhay para sa pagpapakain at pagtatamasa ng lahat ng tinubos na bayan ng Diyos sa kawalang-hanggan (Apoc. 22:2, 14; cf. Exo. 15:25-26).**

**II. Ang mga ekklesia sa Asia, kabilang ang ekklesia sa Efeso, ay tumalikod sa nagtitipang ministeryo ni apostol Pablo (2 Tim. 1:15; 2 Cor. 11:2-3); kaya, makikita natin na pagkalipas ng humigit-kumulang na dalawampu't anim na taon, nang sinulat ni apostol Juan ang liham sa ekklesia sa Efeso, iniwan nila ang kanilang unang pag-ibig at naiwala ang tunay na pagtatamasa kay Kristo bilang ang puno ng buhay (Apoc. 2:4-5, 7):**

A. Ang tunay na ministeryo ng Bagong Tipan ay laging pumupukaw sa atin na ibigin ang Panginoong Hesus ng unang pag-ibig, pinalalakas tayo sa kapayakan ng pagkain at pagtatamasa kay Kristo bilang ang puno ng buhay para sa ating panustos ng buhay—2 Cor. 11:2-3; 3:3-6.

B. Ang ibigin ang Panginoon ng unang pag-ibig ay ang ibigay sa Kanya ang pagiging una, ang unang puwesto, sa lahat ng bagay, pinipilit ng Kanyang pag-ibig upang pahalagahan at kunin Siya bilang lahat-lahat sa ating buhay—Apoc. 2:4-5; Col. 1:18b; 2 Cor. 5:14-15; Marc. 12:30; Aw. 73:25-26.

C. Ang nagtatapos na salita ni Pablo sa Liham sa mga taga-Efeso ay isang pagpapala ng biyaya "sa lahat ng mga umiibig sa ating Panginoong Hesu-Kristo sa loob ng walang pagkasira" (6:24); sa aklat ng Efeso, ang pariralang "sa loob ng pag-ibig," na mayaman sa damdamin, ay ginamit nang paulit-ulit (1:4; 3:17; 4:2, 15-16; 5:2).

D. Ang gol ng aklat ng Efeso ay ang dalhin tayo sa loob ng pag-ibig, ang panloob na esensiya ng Diyos, upang matamasa natin ang Diyos bilang pag-ibig at tamasahin ang Kanyang presensiya sa katamisan ng dibinong pag-ibig, at sa gayon ay ibigin ang iba gaya ng ginawa ni Kristo—1:15; 2:4; 3:19; 5:2, 25; 6:23; cf. 1 Juan 4:16-19.

E. Ang ekklesia sa Efeso ay nabigo sa bagay ng pag-ibig sa Panginoon; ang gayong kabiguan ay naging ang pangunahing dahilan para sa kabiguan ng ekklesia sa mga kapanahunan—Mat. 24:12; Marc. 12:30-31; cf. Dan. 7:25.

F. May apat na pangunahing punto sa liham ng Panginoon sa ekklesia sa Efeso sa Apocalipsis 2:1-7; ang apat na pangunahing puntong ito ay apat na salitang nagsisimula sa letrang l (sa Ingles)—*pag-ibig, buhay, liwanag,* at *patungan ng ilawan*:

1. Dapat nating bigyan ang Panginoong Hesus ng unang puwesto sa bawat paraan at sa lahat ng bagay upang bawiin ang unang pag-ibig; sa gayon ay matatamasa natin Siya bilang ang puno ng buhay, at ang buhay na ito ay magiging ang liwanag ng buhay—Juan 8:12; Efe. 5:8-9, 13.
2. Pagkatapos ay magliliwanag tayo bilang ang gintong patungan ng ilawan, bilang ang patotoo ni Hesus; kung hindi, ang patungan ng ilawan ay aalisin mula sa atin—Apoc. 1:9-12, 20.

   a. Ang gintong patungan ng ilawan ay sumasagisag sa Tres-unong Diyos—ang Ama bilang ang substansya ay naisakatawan sa Anak, ang Anak bilang ang pagsasakatawan ay naihayag sa pamamagitan ng Espiritu, ang Espiritu ay lubusang natanto at naihayag bilang ang mga ekklesia, at ang mga ekklesia ay ang patotoo ni Hesus—Exo. 25:31-40; Zac. 4:2-10; Apoc. 1:10-12.

b. Sa dibinong kaisipan, ang gintong patungan ng ilawan sa katunayan ay isang buháy at lumalaking puno na may mga kalis at mga bulaklak ng almendras; kaya, inilalarawan ng patungan ng ilawan ang Tres-unong Diyos na naisakatawan kay Kristo bilang buháy na gintong puno ng pagkabuhay na muli—lumalaki, nagsasanga, namumuko, at namumukadkad sa loob natin, kasama natin, sa pamamagitan natin, at mula sa atin bilang ang bunga ng liwanag (ang bunga ng Espiritu), na mabuti sa kalikasan, matuwid sa pamamaraan, at tunay sa kahayagan, upang ang Diyos ay maihayag bilang realidad sa ating pang-araw-araw na paglakad—Exo. 25:31, 35; Efe. 5:8-9; Gal. 5:22-23; Juan 12:36.

G. Ang pagkain sa puno ng buhay, yaon ay, ang pagtatamasa kay Kristo bilang ating panustos ng buhay, ay dapat maging ang pangunahing bagay sa buhay ekklesia; si Kristo bilang ang puno ng buhay ay “mabuting kainin” (Gen. 2:9) upang makain natin Siya para sa ating pagtatamasa at upang mabuuan Niya para sa kahayagan ng Diyos (1:26; Juan 6:57, 63):

1. Ang nilalaman ng buhay-ekklesia ay nakasalalay sa pagtatamasa kay Kristo—lalo natin Siyang tinatamasa, mas magiging mayaman ang nilalaman; subalit ang tamasahin si Kristo ay humihiling na ibigin natin Siya ng unang pag-ibig.
2. Kung iiwan natin ang ating unang pag-ibig sa Panginoon, maiwawaglit natin ang pagtatamasa kay Kristo at maiwawala ang patotoo ni Hesus; dahil dito, ang patungan ng ilawan ay aalisin mula sa atin—Apoc. 2:1-7.
3. Ang tatlong bagay na ito—pag-ibig sa Panginoon, pagtatamasa sa Panginoon, at pagiging ang patotoo ng Panginoon—ay magkakasama.

**III. Ang pagbabawi ng Panginoon ay ang pagbabawi ng pag-ibig sa Panginoong Hesus ng unang pag-ibig, ang pinakamainam na pag-ibig, at ang pagkain sa Panginoong Hesus bilang ang puno ng buhay para sa pagtatayo ng organikong Katawan ni Kristo, na siyang ang pagtatayo ng Bagong Herusalem bilang ang gol ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos—Efe. 4:15-16; Apoc. 22:14:**

A. Upang tamasahin si Kristo bilang ang puno ng buhay, dapat nating sabihin sa Kanya sa lahat ng oras, “Panginoong Hesus, iniibig Kita”; kung tayo ay may isang nagniningas na pag-ibig sa Panginoong Hesus, binibigyan Siya ng unang puwesto sa lahat ng bagay, matatamasa natin ang lahat ng kung ano Siya—2:4-5, 7; 1 Cor. 2:9.

B. Ang sumampalataya sa Panginoon ay ang tanggapin Siya bilang buhay, at ang ibigin ang Panginoon ay ang tamasahin Siya bilang buhay, ang tamasahin ang mismong persona na ating tinanggap; ang pananampalataya ay ibinigay sa atin ng Diyos upang sa pamamagitan nito ay matanggap natin si Kristo bilang buhay; ang pag-ibig ay nagmumula sa gayong kahanga-hangang pananampalataya at binibigyang-kakayahan tayo na ipamuhay ang lahat ng mga kayamanan ng Tres-unong Diyos sa loob ni Kristo bilang buhay—2 Ped. 1:1; Heb. 12:1-2a; 2 Cor. 4:13; Gal. 5:6; Juan 1:12-13; 21:15-17; Col. 3:4.

C. Ang mismong buhay na tinanggap natin nang tayo ay sumampalataya sa Panginoong Hesus ay isang persona, at ang tanging paraan upang iaplay at tamasahin ang personang ito ay sa pamamagitan ng pag-ibig sa Kanya ng unang pag-ibig; yamang ang Panginoong Hesus bilang ating buhay ay isang persona, kailangan natin ang isang bagong paghipo sa Kanya upang tamasahin ang Kanyang kasalukuyang presensiya sa mismong sandaling ito at araw-araw—Juan 11:25; 14:5-6; 1 Tim. 1:14; John 14:21, 23; 2 Cor. 5:14-15; Rev. 2:4-7; Col. 1:18b.

D. "Ibigay ang inyong sarili upang ibigin ang Panginoon. Walang ibang daan ang lubhang nananaig, at walang ibang daan ang lubhang ligtas, lubhang mayaman, at lubhang may pagtatamasa. Ibigin lamang Siya. Huwag pahalagahan ang anupamang bagay "—*Life and Building as Portrayed in the Song of Songs,* pp. 23-24.

E. Kapag iniibig natin Siya, ipakikita Niya ang Kanyang sarili sa atin, at Siya at ang Ama ay darating sa atin at gagawa ng Kanilang tahanan sa atin (Juan 14:21, 23); kaya, kailangan nating manalangin ng panalanging gaya ng: “Panginoon, ipakita Mo sa akin ang Iyong pag-ibig at pilitin

Mo ako ng Iyong pag-ibig upang ibigin Kita at ipamuhay Kita"; "Panginoon, panatilihin Mo akong umiibig sa Iyo sa lahat ng panahon"; dapat nating laging sabihin sa Panginoon, "Panginoong Hesus, iniibig Kita; Panginoon, panatilihin Mo ako sa Iyong pag-ibig! Akitin Mo ako ng Iyong sarili! Panatilihin Mo ako sa lahat ng panahon sa Iyong mapagmahal at kasalukuyang presensiya" (A. A. 1:1-4).

F. Lalo natin Siyang iniibig, lalo nating tataglayin ang Kanyang presensiya sa ating pakikipagsalamuha sa Kanya; ang tayo ay maging nasa pagbabawi ng Panginoon sa isang intrinsikong paraan ay ang ating ibigin ang Panginoong Hesus; kung hindi natin iibigin ang Panginoon, tapos na tayo sa Kanyang pagbabawi—A. A. 1:1-4; 1 Cor. 2:9; 16:22.

G. Batay rito, maaari tayong umawit at manalangin—"Iniiibig ko ang aking Panginoon, subalit hindi ng aking sariling pag-ibig, / Sapagkat wala akong maibibigay; / Iniibig Kita, Panginoon, subalit lahat ng pag-ibig ay pawang sa Iyo, / Dahil sa pamamagitan ng Iyong pag-ibig ako'y nabubuhay" (*Mga Himno,* #546, saknong 1); "Isang bagay na iniibig ng bawa't puso: / Kung hindi si Hesus, walang kapahingahan; / Panginoon, ang puso ko sa Iyo ibinigay; / Kunin Mo ito, sapagkat pinaka-iibig Ka" (*Mga Himno,* #547, saknong 1).

*© 2022 Living Stream Ministry*